UNILAB FOUNDATION
CISTEM
PUSHPIN VISUAL SOLUTIONS
Made possible by the generosity of Mr. Benjamin O. Yap







Hello, mga bata!
Saksihan ang mistulang paggunaw ng mundo... ITONG MUNDONG SINAKOP NG... COVID VIRUS!
Story+Art Robert Magnuson
Editor: Elbert Or
CISTEM-Science of Us Team: Sabrina Ongkiko, Maria Ysrael Blas, Darwin Tesion
Expert Consultants: Prof. Sheryl Lyn Monterola, Dr. Colleen Noelle Carlos-Viray, Dr. June Lopez
Wala na tayong pagkain!
Ang O.A. naman ninyo!
HINDI KO NA MATIIS! AAARGH!
Ngiyaw!
Pero, Papa! Mama! Nakuuu..!
Mauubusan tayo ng pagkain!
Mahahawaan tayo ng virus!
Ngiyaw!
Nahawaan na kami ng Virus!
Hindi mo na makikita mga kaibigan mo!
Ngiyaw!
H-ha?


Halaaaaaa!!!
Mama! Papa! Mingming! Waah!
NINA! GISING!!
UY!! GISING NA!!!
H-ha?!
gasp!
Mingming?
Nina? Okey ka lang?
M-mama?
Papa?
Nakakatakot ang panaginip ko! huhuhuhu!


Napanaginipan ko po na wala na tayong pagkain! Tapos hindi niyo po ako pinapakinggan!
Tapos pareho kayong nagkasakit! Sabi ninyo hindi ko na po makikita mga kaibigan ko!
Tapos hindi makapagsalita si Mingming! Puro lang siya "ngiyaw" nang "ngiyaw"!
Ha?
NAKAKATAKOT TALAGA!!!
hikbi


Nina... hinga muna ng malalim. Bilang tayo hanggang sampu...
Anak, normal lang ang nararamdaman mo. Ang hindi normal ay ang sitwasyon natin ngayon. Ang virus at quarantine... nakakabahala naman talaga.
Ikaw rin, Papa?
Oo naman!
Minsan mabigat din ang pakiramdam ko.
Minsan nakakalungkot isipin. Minsan nakakagalit. Pero anuman ang nararamdaman mo, andito kami para sa'yo.
Hindi ka nag-iisa.


Tara! Subukan nating tulungan ang isa't isa.
Una, ayusin natin ang schedule natin para meron tayong routine: dasal sa umaga at exercise.
Pwede ka rin tumulong sa kusina! Pagkatapos ng almusal, magbasa tayo ng mga gusto mong libro.
Tapos laro tayo!
Siyempre! Pero pagkatapos na ng trabaho namin ni Mama, ha?


At may oras din para matutong mag-drawing! Kumanta! Sumayaw! Anumang gusto mong matutunan!
Gusto ko mag-programming!
Kung mapapalakas natin ang loob ng bawat isa, maaari nating mapuno ang bawat araw ng pag-asa.
Okey?
OKEY!
Salamat, Papa at Mama! Nakatulong po na kinausap ninyo ako.
Tuwing nababahala ka o may gusto kang pag-usapan, nandito lang kami.
Haaay! Buti't panaginip lang pala yun!
Ngiyaw!
WAAAAH!!!
Joke lang!

Print edition produced and spearheaded by

With thanks to

Made possible by the generosity
of Mr. Benjamin O. Yap